## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang biyaya na nagliligtas sa atin sa kasalanan. Hingin sa kanya na bigyan ka ng biyaya na magpatuloy sa pamumuhay sa piling Niya araw-araw.
- Hingin sa Diyos ang biyaya upang maghari ka sa buhay. Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng kalakasan at karunungan habang pinagdaraanan mo ang mga mahihirap na sitwasyon.
- Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang maibahagi ang Kanyang kabutihan at pabor sa iba. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon upang magawa ito ngayong linggo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

THE GOSPEL EXPLAINED

# Ang Biyaya ng Diyos

WEEK 8

## WARM-UP

- Kung maaari mong dalhin ang isang bagay saan ka man pumunta, ano ang bagay na pipiliin mo at bakit?
- Sa bilang na 1 hanggang 10, gaano mo kagusto ang makipagkompetisyon? Paano mo ito nasabi?
- Kailan ang huling pagkakataon na naramdaman mo ang labis na pagbuhos ng emosyon? Ano ang nangyari?

## WORD

*Dahil sa kasalanan ng isang tao, naghari ang kamatayan, pero dahil sa ginawa ng isa pang tao na si Jesu-Cristo ang mga taong tumanggap ng masaganang biyaya at kaloob ng Diyos ay itinuring niyang matuwid, at maghahari sila sa buhay na walang hanggan.* **MGA TAGA-ROMA 5:17**

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 5:12–21.**)

Ang nais ng Diyos sa simula pa lamang ay ang magkaroon ng malapit na ugnayan sa mga tao. Subalit dahil sa kasalanan na bunga ng pagsuway ni Adan, ang buong sanlibutan ay napalayo sa Diyos. Ang ebanghelyo ay ang magandang balita na gumawa ang Diyos ng daan upang maibalik tayo sa tamang ugnayan sa Kanya. Sa pamamagitan ng katuwiran ni Kristo, matatanggap natin ang biyaya ng Diyos. Ngayon, pag-aaralan natin ang tungkol sa saganang biyaya na ibinuhos sa atin sa pamamagitan ni Jesus.

## 1 Ang biyaya ng Diyos ang kasagutan sa kasalanan.

*Pero magkaiba ang dalawang ito, dahil ang kaloob ng Diyos ay hindi katulad sa kasalanan ni Adan. Totoo ngang nagdala ng kamatayan sa maraming tao ang kasalanan ni Adan, pero mas nakakahigit ang biyaya at kaloob ng Diyos . . .* **MGA TAGA-ROMA 5:15**

Ang pagsuway ng isang tao ay nagdala ng kasalanan sa mundo. Dahil sa pagkakaroon ng likas na kasamaan, lahat ng tao ay nagkasala at nararapat na tumanggap ng kaparusahang kamatayan, o walang hanggang pagkawalay sa Diyos. Dahil hindi natin maililigtas ang ating mga sarili mula sa ating likas na kasamaan, kinailangang ibigay ng Diyos ang Kanyang biyaya. Ayon sa Tito 2:11, ano ang ibinibigay ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang biyaya?

## 2 Ang biyaya ng Diyos ay dumating sa pamamagitan ni Cristo.

*. . . nakakahigit ang biyaya at kaloob ng Diyos na dumating sa maraming tao sa pamamagitan ng isang tao na walang iba kundi si Jesu-Cristo.* **MGA TAGA-ROMA 5:15**

Sa pahayag na ito, ang salitang “biyaya” ay nangangahulugan ng pagpapakita ng kabutihan at pabor. At ito ang ipinakita sa atin ni Jesus nang Siya ay mamatay para sa atin sa krus. Ipinakita Niya ang Kanyang saganang biyaya. Ang biyaya Niya ay higit pa sa kasalanan ni Adan at higit pa sa lahat ng ating mga kasalanan. Bagama’t hindi natin ito tayo karapat-dapat na tumanggap nito, ibinuhos ng Diyos ang kanyang kabutihan at pabor sa atin. Ayon sa Mga Taga-Efeso 2:4,5, bakit tayo iniligtas ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang biyaya?

## 3 Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng kakayahan na maghari sa buhay.

*Dahil sa kasalanan ng isang tao, naghari ang kamatayan, pero dahil sa ginawa ng isa pang tao na si Jesu-Cristo ang mga taong tumanggap ng masaganang biyaya at kaloob ng Diyos ay itinuring niyang matuwid, at maghahari sila sa buhay na walang hanggan.* **MGA TAGA-ROMA 5:17**

Ang saganang biyaya ng Diyos ay hindi lamang nagligtas sa atin mula sa kamatayang dala ng kasalanan. Ibinigay din nito ang katiyakan na magagawa nating maghari sa buhay. Nangangahulugang sa pamamagitan ni Cristo, magagawa nating magtagumpay sa anumang paghihirap na kinakaharap natin. Ano ang ibig sabihin ng maghari sa buhay, at paano ito nakita sa buhay mo?

## APPLICATION

- Mayroon bang pagkakamali sa iyong buhay na iniisip mong hindi na kayang tugunan ng biyaya ng Diyos? Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang Kanyang nag-uumapaw na biyaya. Hilingin sa isang taong pinagkakatiwalaan mo na samahan kang manalangin.
- Ano ang itinuturo sa iyo ng Diyos tungkol sa matagumpay na pamumuhay? Pag-isipan ang Mga Taga-Roma 5:17 at ibahagi ang ipinapakita sa iyo ng Diyos sa iyong tagapagturo o kaibigan.
- Sino ang maaari mong hikayatin na tanggapin ang biyaya ng Diyos? Tawagan siya ngayong linggo at ipanalangin na maranasan niya ang biyaya ng Diyos.